# KAHULUGAN NG MATATALINGHAGANG SALITA

*Pagkatapos ng modyul na ito ikaw ay inaasahang makapagbibigay ng kahulugan ng matatalinghagang salita.*



## Pagbalik-aralan Mo

*Bago mo pag-aralan ang kahulugan ng matatalinghagang salita, balikan mo muna ang kahulugang literal ng mga tambalang salita.*

*Natatandaan mo pa ba ang kahulugang literal ng mga tambalang salita?*

**Sagutin mo nga ang mga pagsasanay sa ibaba.**

**Hanapin sa Hanay B ang kahulugan ng mga salitang tambalan na nasa Hanay A.  Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang. Isulat ang mga ito sa sagutang kuwaderno.**

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| ______ 1. silid-aklatan | a. pulot na mula sa pukyutan |
| ______ 2. punong-guro | b. silid ng mga mag-aaral |
| ______ 3. dalagang-nayon | c. silid na maraming aklat |
| ______ 4. bahay kubo | d. bumalik sa bayan |
| ______ 5. silid-aralan | e. pinuno ng mga guro |
| ______ 6. hugas-bigas | f. paglakad na tulad ng pagong |
| ______ 7. lakad-pagong | g. dalagang taga-nayon |
| ______ 8. ningas-kugon | h. pinaghugasan ng bigas |
| ______ 9. pulut-pukyutan | i. bahay na kubo |
| ______ 10. balikbayan | j. ningas ng kogon |

Kung ang sagot mo ay ang mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| 1. c | 6. h |
| 2. b | 7. f |
| 3. g | 8. j |
| 4. i | 9. a |
| 5. e | 10. d |

Tama ka!  Maaari mo nang pag-aralan ang tungkol sa pagbibigay-kahulugan sa matalinghagang salita.

## Pag-aralan Mo

Bago ka magsimula sa pagbasa ng kuwentong "At Nalunod ang mga Salot," basahin mo muna ang mga katanungan tungkol sa kuwento.
Pansinin mo rin ang mga salitang may salungguhit.
Itala mo ito sa iyong kuwaderno.

Mga tanong:

1. Sino si Dagambu?
2. Paano siya naging pinuno ng mga dagang bukid?
3. Anong ginagawa ng mga dagang bukid sa taniman?  Tama ba ito?  Bakit hindi?
4. Bakit nag-away ang pangkat ng mga dagang bukid at dagang lungsod?
5. Kung ikaw si Metromaws, gagawin mo rin ba ang kanyang ginawa? Pangatwiranan mo ang iyong sagot.
6. Anong magandang aral ang natutuhan mo sa kuwento?
7. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pagmamalasakit sa kapwa?
8. Paano mo ipinakikita ang pagmamalasakit sa iyong kapwa?

**At Nalunod ang mga Salot**
*Ni Jong del Fierro*

Pinuno ng mga dagang bukid si Dagambu. Mula nang mamatay ang kanyang ama, pikit-matang tinanggap niya ang pamumuno sa mga dagang bukid. Nalilibot nila ang di-maliparang uwak na mga bukirin at gubat. Ang mga taniman ay sinisira nila.

Si Metromaws naman ang kinikilalang pinuno ng mga dagang lungsod. Sanay sila sa pasikut-sikot. Laman sila ng mga imbakan at bodega. Teritoryo nila ang mga pagawaan, supermarket at restoran. Nakatira sila sa mga malalaking imburnal na nakabaon sa ilalim ng mga kalsada, mga pagawaan at mga butas sa loob ng bahay. Si Metromaws ay pinunong taga sa panahon kahit di pa siya matanda.

Isang araw, nagkatagpo ang pangkat nina Dagambu at Metromaws sa malaking imburnal sa lungsod.






Ayaw pumayag ni Metromaws na tirahan ng mga dagang bukid ang malalaking imburnal na nakabaon sa mga kalsadang lungsod. Parang <u>langis at tubig</u> ang kanilang paninindigan.

Nagkainitan ang dalawang pangkat. Parang <u>nagdelubyo</u> sa malalaking imburnal sa sagupaan ng mga dagang lungsod at mga dagang bukid.

Hindi nila namalayan na malakas ang buhos ng ulan sa lungsod. Sinlakas ng hampas ng malaking alon ang agos ng tubig ulan patungong mga imburnal. Parang <u>hagupit ng tadhana</u> ang pangyayari. Tinangay ng agos sina Dagambu at Metromaws. Huli na ang lahat. Wala silang pagkakataong makatakbo sa matataas na bahagi ng malalaking imburnal. Nalunod ang di mabilang na mga dagang lungsod at dagang bukid. Pagkaraan ng malakas na ulan, para silang mga waterlily na nakalutang sa lagusan ng tubig patungong dagat. Mga salot na wala nang buhay.

Maaari mo na ngayong sagutin ang mga tanong tungkol sa kuwento.

Balikan mo ang mga salitang may salungguhit sa loob ng kuwento. Sipiin mo ang pangungusap na kinapapalooban ng mga salitang may salungguhit.

Ganito ba ang ginawa mo?

1. Mula ng mamatay ang kanyang ama, pikit-matang nailipat sa kanya ang pamumuno sa mga dagang bukid.
2. Nalilibot nila ang di-maliparang uwak na bukirin at gubat.
3. Laman sila ng mga imbakan at bodega.
4. Si Metromaws ay pinunong taga sa panahon kahit di pa siya matanda.
5. Huwag kayong mag-ober da bakod sa aming teritoryo.
6. Hmmmp, sukal sa ilong itong tinitirhan ninyong amoy estero.
7. Kapit sa patalim ka ngayon.
8. Para kayong mga basang sisiw na walang mapuntahan.
9. Bato ang puso mo, Metromaws.
10. Magdaraan muna kayo sa ibabaw ng aming bangkay.
11. Nag-aapoy ang kanilang mga damdamin.
12. Parang langis at tubig ang kanilang paninindigan.
13. Parang nagdelubyo sa malalaking imburnal sa sagupaan ng mga dagang lungsod at mga dagang bukid.
14. Parang hagupit ng tadhana ang pangyayari.

Ano ang tawag sa mga salitang may salungguhit?

Tama ka. Ang mga salitang may salungguhit ay mga matatalinghagang salita. Malalaman mo ang kahulugan ng salitang matalinghaga ayon sa gamit nito sa pangungusap.

Balikan mo ang mga pangungusap na ito at ibigay mo ang kahulugan.

Subukan mong unawain ang mga salita o lipon ng mga matatalinghagang salita.

## A. Piliin ang titik ng tamang kahulugan ng mga salitang may salungguhit.

1. Mula nang mamatay ang kanyang ama, pikit-matang nailipat kay Dagambu ang pamumuno sa mga dagang bukid.

   a) Walang kabuluhan
   b) Sapilitan
   c) Kagustuhan

2. Libot nila ang di-maliparang uwak na mga bukirin at gubat.

   a) Maraming tanim
   b) Walang makikitang uwak
   c) Malawak

3. Kapit sa patalim ka ngayon.

   a) Kahit anong mangyari
   b) Hahawak ng patalim
   c) Natatakot

4. Parang hagupit ng tadhana ang nangyayari.

   a) Parusa ng langit
   b) Hampas na malakas
   c) Hanging malawak

5. Laman sila ng mga imbakan at bodega.

   a) Nakatira sa imbakan
   b) Ipinanganak sa imbakan
   c) Madalas na nasa imbakan

6. Si Metromaws ay pinunong taga sa panahon.

   a) Hinog sa karanasan
   b) May agimat ng panahon
   c) Matanda na

7. Hmmmp, sukal sa ilong itong pugad ninyong amoy estero.

   a) Marumi
   b) Mabango
   c) Mabaho

8. Para kayong mga <u>basang sisiw</u> na walang mapuntahan.

a) Kaawa-awa
b) Mayayabang
c) Maiingay

9. Magdaraan muna kayo sa <u>ibabaw ng aming bangkay</u>.

a) Sa ibabaw ng puntod
b) Sa paglalamay sa patay
c) Mangyayari lamang kung patay na ang kausap.

10. <u>Bato ang puso</u> mo, Metromaws.

a) Walang alam
b) Matigas ang loob
c) Mapagbigay

## B. Tingnan kung tama ang iyong sagot.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. b | 2. c | 3. a | 4. a | 5. c |
| 6. a | 7. c | 8. a | 9. c | 10. b |

Pagkaraan mong malaman ang tunay na mga kahulugan ng mga salita. Gamitin ang mga ito sa pangungusap.

## Isaisip Mo

Sa ating nabasang akda may mga salitang masasabi nating di-tuwiran ang kahulugan, malalim kaya't mahirap unawain. <u>**Matalinghaga**</u> ang mga salitang ito.

*Ngayon subukin mo ang iyong natutuhan. Maibigay mo kaya ang kahulugan ng iba pang matalinghagang salita? Gawin mo ang bahaging "Pagsanayan Mo."*



## Pagsanayan Mo

**A. Basahing mabuti ang mga pangungusap. Kopyahin sa iyong notbuk ang mga salita o lipon ng mga salita na matatalinghaga.**

1. Nagbunga ng mabuti ang kanyang pagsusunog-kilay.
2. Di maliparang uwak ang kanilang palayan.
3. Nagdilang anghel ang batang nakausap niya.
4. Walang itulak-kabigin sa mga kagandahang nakita niya.
5. Pasang krus sa puso niya ang alaala ng lumipas.
6. Siya ang tupang itim sa kanilang pamilya.
7. Maaliwalas ang bukas para sa taong masipag at matiyaga.
8. Hinahabol ng karayom ang suot niyang damit.
9. Hindi na niya makasundo ang mataas ang lipad na kapatid.
10. Ang abuloy niya sa samahan ay patuka lang sa manok.

**B. Basahing mabuti ang mga salitang matatalinghaga sa Hanay A. Hanapin ang kahulugan nito sa Hanay B. Isulat ang titik ng sagot sa kuwadernong sagutan. Isulat ang sagot sa sagutang kuwaderno.**

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| _____ 1. pagsusunog ng kilay | a. maganda ang hinaharap |
| _____ 2. di-maliparang uwak | b. masama ang ugali |
| _____ 3. nagdilang-anghel | c. maliit na halaga |
| _____ 4. walang itulak-kabigin | d. nagkatotoo ang sinabi |
| _____ 5. pasang-krus | e. malawak |
| _____ 6. tupang itim | f. pag-aaral nang mabuti |
| _____ 7. maaliwalas ang bukas | g. masakit sa damdamin |
| _____ 8. mataas ang lipad | h. tastas ang tahi |
| _____ 9. hinahabol ng karayom | i. di alam ang pipiliin |
| _____ 10. patuka sa manok | j. mabuting bata |
| | k. mayabang |
| | l. maingay magsalita |

*Kung tama lahat ang iyong sagot, maaari mo nang gawin ang pagsubok sa bahaging "Subukin Mo."*



## Subukin Mo

**A. Hanapin sa Hanay B ang kahulugan ng mga matatalinghagang salita na nasa Hanay A. Isulat ang sagot sa sagutang kuwaderno.**

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| _____ 1. malaking puso | a. makinis ang balat |
| _____ 2. matang ahas | b. nanliligaw |
| _____ 3. kisap mata | c. gumagawa ng walang nag-uutos |
| _____ 4. mahabang dila | d. maramdamin |
| _____ 5. laki sa layaw | e. sunod lahat ng gusto o nais |
| _____ 6. naniningalang pugad | f. mapagbigay at maawain |
| _____ 7. nagmumurang kamyas | g. matabil o madaldal |
| _____ 8. kutis porselana | h. matang mabalasik at matalas |
| _____ 9. kusang palo | i. sa isang iglap |
| _____ 10. pusong mamon | j. matandang nagkikilos bata |

**B. Basahing mabuti ang maikling talata sa bawat bilang. Hanapin sa loob ng kahon ang angkop na matalinghagang salita para sa pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang kuwaderno.**

| | |
|---|---|
| kapit-tuko | hilong-talilong |
| taingang-kawali | balat-kalabaw |
| pasang-krus | nakalista sa tubig |
| kuskos-balungos | suntok sa buwan |
| kapit-bisig | mataas ang lipad |
| ulilang lubos | isang kahig, isang tuka |

1. Nalalapit na ang pista. May mga patimpalak ang barangay. ___________ ang kailangan ng magkakapit-bahay upang maging maayos at malinis ang kanilang kalye.

2. Madaling-araw pa lamang ay gumagayak na si Mang Pido upang magsaka ng kanyang lupain. Kailangan niyang madoble ang kanilang ani. Ninanais niyang maiahon ang kanilang buhay na ___________.

3. Dating pangkaraniwan lamang ang pamumuhay ng pamilya Abaruray. Isang araw tumaya sa lotto si Ginoong Abaruray. Nang manalo ng milyong salapi ay naging __________ ng kaniyang pamilya.

4. Umalis sa nayon ng Maasin si Piryong. Makikipagsapalaran siya sa Maynila. Hindi niya alam na isang __________ ang naghihintay sa kanyang buhay.

5. Matagal nang nanunungkulan sa barangay si Kapitan Uy. Inabot na siya ng 15 taon sa posisyong iyon. Lahat ay kaniyang gagawin upang hindi mapalitan sa kaniyang posisyon. Ayaw niyang siya ay mapalitan. Ganoon na lamang ang pagiging __________ sa posisyon ni Kapitan Uy.

6. Si Mang Manuel ay kasapi sa Kapisanan ng mga magkakapitbahay sa kanilang nayon. Sa tuwing magpupulong, lagi siyang may reklamo. Napagsabihan tuloy siya ng mga kasapi ng kapisanan na wala ng __________ at umayon na lamang sa napagkasunduan ng nakararami.

7. Naligaw sina Ana at Ben sa Maynila. Palibhasa'y unang punta lamang nila sa Maynila, hindi nila alam ang pasikut-sikot sa lungsod. Lahat na yata ng paraan ay ginawa na nila. Para na silang __________ sa kahahanap ng lugar ng kamag-anak.

8. Sa tatlong anak ni Aling Sepa, si George ang laging nag-uuwi ng gulo sa kanilang bahay. Bukod sa batugan si George ay palaaway pa lalo na kung ito ay lasing. Talagang __________ sa buhay ni Aling Sepa ang anak na si George.

9. Sa araw-araw na lamang ay pinapangaralan ni Aling Anching ang kanyang anak na si Eric. Masyado kasi itong mapangbuska. Lagi na lang siyang napapaaway sa kanyang mga kalaro. Walang silbi ang mga pangaral ni Aling Anching dahil may _________ si Eric.

10. Sa tuwing magigipit si Fermin ay lumalapit siya kay Tiya Ofel. Bukas-palad ang kaniyang tiyahin lalo na pagdating sa pangangailangan ni Fermin. Hindi naman sinisingil si Fermin ng kaniyang tiya. Alam ni Fermin na ito ay _________. Para kay Tiya Ofel, ito ay tulong na niya sa nag-iisang pamangkin.